Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Pagpapatupad ng Hanap Salita Bilang Gawain Upang Mapalawak ang Bokabularyo ng mga Mag-aaral sa Ikatlong-Baitang sa Pribadong Paaralan ng "San Lorenzo Ruiz School of Lipa"

Baby Joy L. Rocha [1]
1 – Golden Gate Colleges: San Lorenzo Ruiz de Lipa School
babyjoyrocha@gmail.com / 0009-0002-5437-0608

Publication Date: May 29, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20438918**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng gawaing "Hanap Salita" bilang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang sa San Lorenzo Ruiz School of Lipa. Gumamit ang mananaliksik ng mixed method research design na pinagsama ang quantitative at qualitative na pamamaraan. Ang mga kalahok ay 30 mag-aaral sa ikatlong baitang. Ginamit ang researcher-made questionnaire at semi-structured interview bilang pangunahing instrumento. Batay sa mga resulta, lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na epektibo ang Hanap Salita sa pagkilala at pagkatuto ng bagong salita (WM=3.62), wastong paggamit ng salita sa iba't ibang konteksto (WM=3.73), at pagpapataas ng kasiglahan sa paggamit ng wikang Filipino (WM=3.66). Nagkaroon din ng pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat (WM=3.76) at kakayahan sa komunikasyon (WM=3.71). Ang pangunahing hamon na naranasan ay ang pagkapagod sa aktibidad (WM=2.97). Sa kabuuan, napatunayan na ang Hanap Salita ay isang makabuluhan at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na nagpapalawak ng bokabularyo, nagpapataas ng interes at kumpiyansa, at nagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral.

**Mga Susing Salita:** *Hanap Salita, pagpapalawak ng bokabularyo, estratehiya sa pagtuturo, Filipino, ikatlong baitang, mixed method, paglalaro bilang pagkatuto, kasanayan sa komunikasyon, interes ng mag-aaral, San Lorenzo Ruiz School of Lipa*

# Introduksyon:

Sa kasalukuyan, isa sa pinakamahalagang kasanayan na dapat linangin sa mga mag-aaral ay ang kanilang **bokabularyo.** Ang malawak na kaalaman sa salita ay hindi lamang nakakatulong sa mas malinaw at epektibong pagpapahayag ng sariling ideya kundi mahalaga rin sa pag-unawa ng binabasa at sa mas mataas na antas ng pag-iisip. Gayunpaman, napapansin ng maraming guro na ang ilang mag-aaral sa **ikatlong baitang** ay nahihirapang bumuo ng pangungusap, magsulat ng sanaysay, at intindihin ang mas kumplikadong teksto. Ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng limitasyon sa kanilang pagkatuto at nagiging hadlang sa akademikong pag-unlad. Upang matugunan ang suliraning ito, iminungkahi ang pagpapatupad ng gawaing **"Hanap Salita"**, isang aktibidad na naglalayong **palawakin ang bokabularyo sa mas masaya, interaktibo, at makabuluhang paraan.** Sa pamamagitan nito, mas maipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa Filipino at mas mapapalakas ang kanilang kasanayan sa komunikasyon.

Sa pandaigdigang konteksto, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang kakulangan sa bokabularyo ay isa sa pangunahing dahilan ng mababang antas ng akademikong pagganap ng mga bata. Ayon sa ulat ng **UNESCO (2020),** may direktang ugnayan ang lawak ng bokabularyo ng mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagbasa, pagsusulat, at kritikal na pag-iisip. Bukod dito, maraming bansa ang nagpatupad ng mga larong pangwika at aktibidad na nakatuon sa pagpapalawak ng salita bilang mabisang estratehiya sa pagtuturo. Halimbawa, sa ilang paaralan sa Europa at Asya, ang paggamit ng mga interaktibong aktibidad tulad ng *"word search", "crossword puzzles",* at iba pang *"word games"* ay napatunayang epektibo sa pagpapalakas ng bokabularyo at pagpapabuti ng kasanayan sa komunikasyon ng mga bata.

Ipinapakita naman ng *"Department of Education (DepEd)"* na maraming mag-aaral sa ikatlong baiting maging sa pribado o pampublikong paaralan, ang nahihirapan sa bokabularyo na nagreresulta sa mababang antas ng pag-unawa sa aralin sa Filipino. Bilang guro sa *"San Lorenzo Ruiz School of Lipa"* napansin ng tagapanaliksik mismo na ang ilang mag-aaral ay nahihirapang makahanap ng tamang salita sa kanilang pangungusap, sanaysay, at iba pang gawaing pampaaralan. Madalas na obserbahan na kahit may ideya ang mga bata sa kanilang nais ipahayag nagiging limitado ang kanilang kakayahan dahil sa kulang na bokabularyo. Ang ganitong limitasyon ay hindi lamang nakakaapekto sa akademikong performance kundi pati na rin sa kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wika, lalo na kapag kailangang magsalita o magsulat sa harap ng klase.

Batay sa **Batas Republika Blg. 10533 o K to 12 Curriculum,** isa sa pangunahing layunin ng asignaturang Filipino ay ang **linangin ang kasanayan sa komunikasyon at pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.** Gayundin, ipinapakita ng mga naunang pananaliksik na bagaman may mga umiiral nang aktibidad sa pagpapalawak ng bokabularyo may kakulangan sa lokal na pag-aaral na nakatuon sa paggamit ng **"Hanap Salita"** bilang estratehiya sa ikatlong baiting partikular sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

konteksto ng mga pribadong paaralan sa Lipa City. Ito ang nagbubukas ng pagkakataon na tuklasin ang bisa ng naturang aktibidad sa pagpapabuti ng kasanayan sa wika.

Dahil dito, ang pag-aaral na ito ay naglalayong ipatupad at suriin ang **gawaing "Hanap Salita"** bilang mabisang estratehiya upang **mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang.** Inaasahan na makatutulong ito sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at komunikasyon sa Filipino. Bukod dito, makapagbibigay rin ang pag-aaral ng konkretong batayan para sa mas epektibong pagtuturo sa hinaharap at magsisilbing gabay sa iba pang guro na nagnanais ipatupad ang ganitong uri ng aktibidad sa kanilang klase.

# Metodolohiya

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga metodong ginamit sa pagsasagawa ng pag-aaral, kasama ang mga pamamaraan at instrumento sa pangangalap ng datos. Tinutukoy din nito ang mga kalahok ng pag-aaral at ang pamamaraang estadistikal na gagamitin upang ipakita kung paano ininterpret at inanalisa ang mga nakalap na datos.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong **tuklasin ang bisa ng gawaing "Hanap Salita" bilang estratehiya upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang** sa **San Lorenzo Ruiz School of Lipa.** Partikular, layunin nitong suriin ang antas ng kaalaman, interes, at partisipasyon ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ipatupad ang gawain, pati na rin ang epekto nito sa kanilang kakayahan sa pagbasa, pagsulat, at pangungusap sa Filipino. Bukod dito, layunin din ng pag-aaral na matukoy ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsali sa gawaing "Hanap Salita" at magmungkahi ng mga estratehiya upang mapabuti ang pagtuturo ng Filipino sa silid-aralan.

Upang makamit ang mga layuning ito, gagamit ang mananaliksik ng **mixed method research design**, kung saan pagsasamahin ang **quantitative at qualitative na pamamaraan.** Maghahanda ang mananaliksik ng **researcher-made questionnaire** upang makalikom ng numerikal na datos tungkol sa antas ng kaalaman at interes ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Upang masukat ang antas ng partisipasyon, gagamit ng **rubrics** na susuri sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa paghahanap, pagbuo, at paggamit ng mga salita sa gawaing "Hanap Salita". Bukod dito, magsasagawa rin ng **semi-structured interviews** sa piling kalahok upang mas malalim na maunawaan ang kanilang karanasan, hamon, at pananaw tungkol sa gawain. Ang paggamit ng mixed methods ay nagsisiguro na masusukat hindi lamang ang pagbabago sa kakayahan ng mag-aaral kundi maisasaalang-alang din ang personal at sosyal na dimensyon ng pagkatuto at pakikilahok.

Ayon kina Fetters at Molina-Azorín (2020), mahalaga ang paggamit ng mixed method research kapag sinusuri ang mga kumplikadong isyung pang-edukasyon at panlipunan, sapagkat pinagsasama nito ang katumpakan ng quantitative data at ang lalim ng qualitative narratives. Sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

konteksto ng pag-aaral na ito, makakatulong ang mga resulta mula sa quantitative analysis upang masukat ang tiyak na epekto ng gawaing "Hanap Salita" sa pagpapalawak ng bokabularyo, samantalang nagbibigay ang qualitative data ng mas malalim na pananaw hinggil sa karanasan, pagkamalikhain, at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa aktibidad. Ang ganitong disenyo ay angkop sapagkat nag-aalok ito ng parehong estadistikal na ebidensya at kontekstwal na pag-unawa kung paano napapalakas ang kasanayan sa wika sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon ng mag-aaral. Bukod dito, binigyang-diin nina Guetterman at Fetters (2021) na ang participatory approaches sa edukasyon ay nagbibigay kapangyarihan sa mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa kanilang proseso ng pagkatuto, na sumusuporta sa paggamit ng gawaing "Hanap Salita" bilang parehong estratehiya sa pagtuturo at pokus ng pananaliksik.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa tatlumpu (30) na mga mag-aaral ng ikatlong baitang sa San Lorenzo Ruiz School of Lipa sa taong panuruan 2025–2026, partikular sa ikatlong markahan. Pinili ang grupong ito dahil sila ay nasa yugto ng pag-unlad kung saan ang kanilang kakayahan sa wika at bokabularyo ay kritikal sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Ang kanilang partisipasyon sa gawaing "Hanap Salita" ay nagbibigay ng makabuluhang pagkakataon upang mapalawak ang kaalaman sa salita, mapabuti ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat, at mapaigting ang kumpiyansa at pagkamalikhain sa paggamit ng Filipino.

Pinili ng mananaliksik ang mga mag-aaral ng ikatlong baitang dahil sila ay nasa mahalagang yugto ng pagkatuto kung saan ang interbensyon sa silid-aralan at ang paggabay ng guro ay malaki ang epekto sa paglinang ng kasanayan sa wika. Ang kanilang aktibong pakikilahok sa gawaing "Hanap Salita" ay nagsisiguro na ang pagkatuto ay hindi lamang nakasentro sa guro kundi sa mismong mag-aaral, na nagpo-promote ng aktibong partisipasyon, ownership, at mas matibay na kasanayan sa paggamit ng wika sa Filipino.

**Mga Instrumento sa Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng **ginawang talatanungan** at **semi-istrukturang panayam** upang makalap ang kinakailangang datos para sa pag-aaral. Ang mga instrumentong ito ay maingat na idinisenyo upang masukat ang epekto ng estratehiyang *"Hanap Salita"* sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Pinili ang mga ito sapagkat nakatuon ang talatanungan sa masusukat na tugon ng mga mag-aaral samantalang ang semi-istrukturang panayam ay nakatuon sa mas malalim at malayang pagpapahayag ng kanilang karanasan. Sa pamamagitan ng kombinasyong ito, mas naging buo at mas matibay ang datos na nakalap para sa pagsusuri ng pag-aaral.

**Talatanungan. Ang talatanungan ang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos. Ito ay binuo ng mananaliksik upang masukat ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng *"Hanap Salita."* Nakapaloob dito ang mga katanungan hinggil sa tatlong aspekto: una, pagkilala at pagkatuto ng bagong salita; ikalawa, wastong paggamit ng salita sa iba't ibang konteksto; at ikatlo, ang kasiglahan o interes ng mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Mayroon ding mga bahagi na**

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**tumalakay sa kabuuang benepisyong naidudulot ng estratehiya, tulad ng pag-unlad sa pagbasa at pagsulat, gayundin sa kanilang kakayahan sa komunikasyon.**

**Pagbuo ng Talatanungan.** Ang talatanungan ay binuo batay sa suliranin ng pag-aaral, sa personal na karanasan ng mananaliksik bilang guro sa asignaturang Filipino, at sa mga konseptong natagpuan mula sa pagbasa ng mga kaugnay na literatura. Ang mga tanong ay isinulat sa malinaw at simpleng paraan upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral at upang matiyak na makukuha ang mga tugon na direktang may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Sa pagbuo nito, isinasaalang-alang ang mga estratehiya na napatunayang epektibo sa paglinang ng bokabularyo upang higit na makita kung saan pumapaloob ang *"Hanap Salita."*

**Pagpapatunay sa Talatanungan.** Matapos mabuo ang unang burador, ito ay ipinasa sa mga dalubhasa sa pagtuturo ng Filipino upang masuri ang nilalaman at anyo. Kabilang sa mga nagsuri ay mga punong-guro, master teacher, at iba pang guro na may malawak na karanasan sa pagtuturo ng wika. Sila ay nagbigay ng mga puna at mungkahi hinggil sa pagkakabuo ng mga tanong, ang kalinawan ng mga ito, at ang lawak ng sakop ng bawat bahagi. Ang kanilang mga suhestiyon ay isinama sa rebisyon ng instrumento. Pagkatapos ng ilang serye ng pagbabago, ang pinal na talatanungan ay muling ipinasa para sa huling pagsusuri at inaprubahan bilang opisyal na kasangkapan ng pananaliksik.

**Pamamahagi ng Talatanungan.** Ang talatanungan ay ipinamahagi sa mga piling mag-aaral matapos ang paggamit ng estratehiyang *"Hanap Salita"* sa klase. Isinagawa ang pamamahagi sa loob mismo ng silid-aralan upang tiyakin na maayos ang pagsasagot ng mga kalahok at maiwasan ang pagkakaroon ng maling interpretasyon. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at ang mga tagubilin bago simulan ang pagsagot upang maging malinaw ang bawat katanungan. Binigyang-diin din na ang lahat ng kasagutan ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik.

**Pagbawi sa Talatanungan.** Agad na binawi ang mga sagutang papel matapos makumpleto ng mga mag-aaral ang pagsagot. Ang mga datos ay inayos, isinuma, at isinailalim sa estadistikang pagsusuri. Gumamit ang mananaliksik ng talahanayan upang mas malinaw na maipakita ang resulta at mas madaling maunawaan ang interpretasyon ng datos. Sa pamamagitan nito, nasuri ang aktwal na epekto ng *"Hanap Salita"* batay sa mga tugon ng mga mag-aaral.

**Pagmamarka ng Tugon.** Gumamit ang talatanungan ng **Likert Scale** upang masukat ang antas ng kasunduan at lawak ng epekto ng estratehiya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

*Para sa pagsusuri ng antas ng kasanayan at epekto ng paggamit ng "Hanap Salita," ang sumusunod na interpretasyon ang ginamit:*

| Opsyon | Saklaw ng Iskor | Pagsasaling Salita |
|---|---|---|
| 4 | 3.50 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3 | 2.50 – 3.49 | Sumasang-ayon |
| 2 | 1.50 – 2.49 | Hindi Sumasang-ayon |
| 1 | 1.00 – 1.49 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |

*Para sa pagsusuri ng mga benepisyo ng estratehiya ng"Hanap Salita," ang sumusunod na interpretasyon ang ginamit:*

| Opsyon | Saklaw ng Iskor | Pagsasaling Salita |
|---|---|---|
| 4 | 3.50 – 4.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3 | 2.50 – 3.49 | Sumasang-ayon |
| 2 | 1.50 – 2.49 | Hindi Sumasang-ayon |
| 1 | 1.00 – 1.49 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon |

**Semi- Istrakturang Panayan.** Bilang karagdagang sanggunian ng datos, gumamit ang mananaliksik ng semi-istrukturang panayam. Ang ganitong uri ng panayam ay may gabay na tanong ngunit nagbibigay ng kalayaan sa mga kalahok na magpahayag nang mas malalim at malawak batay sa kanilang karanasan. Sa pamamagitan nito, nakalap ang mga saloobin ng mga mag-aaral tungkol sa mga hamong kanilang naranasan at mga pagbabagong kanilang napansin sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

paggamit ng *"Hanap Salita."* Nagbigay ito ng pagkakataon upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga datos na nakalap mula sa talatanungan, sapagkat nailahad ng mga mag-aaral ang kanilang mga personal na karanasan, pananaw, at rekomendasyon hinggil sa paggamit ng estratehiya.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi muna ng pormal na pahintulot mula sa punong-guro ng San Lorenzo Ruiz School of Lipa sa pamamagitan ng nakasulat na liham. Matapos makuha ang pahintulot, isinagawa ang isang orientation session sa mga napiling mag-aaral ng ikatlong baitang upang ipaliwanag ang layunin ng pananaliksik, ang mga hakbang ng pag-aaral, at ang kanilang papel bilang kalahok. Layunin nito na masiguro na nauunawaan ng mga mag-aaral ang layunin at proseso bago simulan ang pangangalap ng datos.

Bago ang aktwal na pangangalap ng datos, ipinamamamahagi ang parental consent forms upang makuha ang pahintulot ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral. Gayundin, ipinamamahagi ang assent forms sa mga mag-aaral upang kumpirmahin ang kanilang boluntaryong pakikilahok sa pag-aaral. Pagkatapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, isinagawa ang pre-survey upang masukat ang paunang kaalaman, interes, at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bokabularyo at kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsulat sa Filipino.

Ang implementasyon ng gawain ay kinapapalooban ng aktibidad na "Hanap Salita", na idinisenyo upang mapalawak ang bokabularyo at mapalakas ang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral. Kasama rito ang paghahanap ng salita mula sa teksto, paggawa ng word charts, peer-led discussion, at iba pang malikhaing aktibidad. Matapos ang gawain, isinagawa ang post-survey upang masukat ang pagbabago sa antas ng kaalaman, kasanayan, at interes ng mga mag-aaral sa Filipino. Bukod dito, nagsagawa rin ng semi-structured interviews sa ilang piling kalahok upang mas malalim na maunawaan ang kanilang karanasan, hamon, at pananaw hinggil sa gawaing "Hanap Salita." Sa pahintulot ng mga mag-aaral, ang mga interbyu ay naitala, na-transcribe nang verbatim, at inanalisa gamit ang qualitative approach.

Ang lahat ng nakalap na datos mula sa mga survey ay iniayos, tinally, at inanalisa gamit ang estadistikal na pamamaraan sa tulong ng isang statistician upang matiyak ang katumpakan at bisa ng interpretasyon.

Ang pag-aaral ay mahigpit na sumunod sa mga pamantayan ng etika, partikular sa Republic Act No. 10173 o Data Privacy Act of the Philippines. Lahat ng nakalap na datos ay pinangalagaan at ginamit lamang para sa layunin ng akademiko at pananaliksik. Nanatiling anonymous ang pagkakakilanlan ng mga kalahok upang maprotektahan ang kanilang karapatan at privacy sa buong proseso ng pananaliksik.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Plano ng Pagtatasa ng Datos**

Sa pag-aaral na ito, ang nakalap na datos ay inanalisa gamit ang parehong quantitative at qualitative na pamamaraan upang makabuo ng makabuluhang impormasyon kung paano nakatutulong ang gawaing "Hanap Salita" sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapabuti ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang. Ang integrasyon ng dalawang pamamaraan ay nagbibigay ng mas malalim at komprehensibong pag-unawa sa mga natuklasan ng pananaliksik at tumutugon sa mga itinakdang layunin ng pag-aaral.

Ang mga sumusunod na estadistikal na kasangkapan ay ginamit upang suriin ang mga sagot mula sa questionnaire:

**Kabatiran ng Karaniwan (Composite Mean).** Ginamit ito upang matukoy ang kabuuang average ng mga tugon ng mag-aaral hinggil sa kanilang kaalaman, interes, at kakayahan sa paggamit ng bokabularyo bago at pagkatapos ng gawain.

**Dalasan (Frequency).** Ginamit upang ipakita ang bilang ng mga kalahok na nagbigay ng magkakatulad na sagot, partikular sa pagtukoy ng mga paulit-ulit na salita o kahirapan sa bokabularyo.

**Bahagdan (Percentage).** Inilapat ito upang tukuyin ang porsyento ng mga sagot sa iba't ibang kategorya tulad ng "mataas," "katamtaman," at "mababa" ang antas ng kaalaman sa salita.

**Pag-uuri (Ranking).** Tinulungan nito ang mananaliksik na tukuyin kung aling bahagi ng gawain ng "Hanap Salita" (hal., word search, paggawa ng word charts, peer discussion) ang itinuturing ng mga mag-aaral na pinakaepektibo at hindi gaanong epektibo.

**Timbang na Karaniwan (Weighted Mean).** Ginamit upang kalkulahin ang average weighted responses para sa bawat indicator kaugnay sa kaalaman, interes, at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino.

Para sa qualitative data, partikular mula sa semi-structured interviews, ginamit ng mananaliksik ang thematic analysis ayon sa pamamaraan nina Kiger at Varpio (2020). Ang thematic analysis ay isang sistematikong paraan ng pagtukoy, pagsusuri, at interpretasyon ng mga paulit-ulit na pattern o tema sa mga sagot ng kalahok. Sa proseso nito, unang pamilyarisa ang mananaliksik sa nakalap na datos, kasunod ang pagbuo ng mga unang codes, pagtukoy ng posibleng tema, at ang pagpino at pagbibigay-kahulugan sa mga natukoy na tema upang makabuo ng makabuluhang konklusyon. Sa ganitong paraan, naipapahayag ang mas malalim na pananaw sa karanasan, persepsyon, at hamon ng mga kalahok hinggil sa kanilang partisipasyon sa gawain, at kung paano ito nakaapekto sa kanilang pagkatuto at kasanayan.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Resulta at Pagtatalakay

Saklaw ng kabanatang ito ang presentasyon, interpretasyon, at pagsusuri ng mga datos na nakalap mula sa ipinamahaging talatanungan. Inilahad ang mga resulta sa anyong talahanayan upang malinaw na maipakita ang tugon ng mga kalahok batay sa mga suliraning sinuri sa pag-aaral.

1.1 Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita

Layunin ng bahaging ito na ipakita kung paanong ang gawaing "Hanap Salita" ay nakatutulong sa pagkilala at pagkatuto ng mga bagong salita ng mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang. Ang aspetong ito ay nakatuon sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto, maunawaan, at matandaan ang mga bagong salitang kanilang natatagpuan sa pamamagitan ng naturang gawain.

Talahanayan 1
Antas ng Kasanayan sa Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita sa Pamamagitan ng "Hanap Salita"

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakatulong sa akin ang *Hanap Salita* para matuto ng bagong salita. | 3.40 | Sumasang-ayon | 3 |
| 2. Madali kong natatandaan ang mga salita gamit ang *Hanap Salita.* | 3.37 | Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Ang aktibidad ay nakakadagdag sa dami ng salitang alam ko. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 4. Natutukoy ko ang tamang kahulugan ng bagong salita. | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa *Hanap Salita.* | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.62 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Makikita sa Talahanayan 1 na ang kabuuang weighted mean na 3.62 ay may verbal na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay naniniwala na ang gawaing Hanap Salita ay epektibong nakatutulong sa kanila sa pagkilala at pagkatuto ng mga bagong salita.

Pinakamataas ang weighted mean sa pahayag na “Natutukoy ko ang tamang kahulugan ng bagong salita” (WM = 3.80) at “Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa Hanap Salita” (WM = 3.93) na nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa wika.

Ang bahagyang mas mababang marka sa unang dalawang pahayag ay nagpapakita na bagaman epektibo ang aktibidad, may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng higit na pagsasanay upang mapalalim ang pagkatuto ng bagong bokabularyo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang Hanap Salita ay lubos na nakatutulong hindi lamang sa pagpapalawak ng bokabularyo kundi sa pagpapaigting ng interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

Ayon kay Del Rosario (2020), ang paggamit ng mga *interactive language activities* tulad ng *word search* ay epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wika sapagkat pinagsasama nito ang kasiyahan at pagkatuto. Binanggit sa kanyang pag-aaral na ang mga ganitong gawain ay nakapagpapalakas ng *word association skills* at nakatutulong sa mas mabilis na pag-unawa sa kahulugan ng mga salita. Dagdag pa niya, ang pagkakaroon ng elementong palaro ay nakapagpapataas ng motibasyon at interes ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng partisipasyon at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Salita sa Iba’t Ibang Konteksto

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Natutulungan ako ng *Hanap Salita* na magamit ang salita nang tama sa pangungusap. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 2. Nagagamit ko ang bagong salita sa iba’t ibang sitwasyon o paksa. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| 3. Nakakatulong ang *Hanap Salita* para mas malinaw ang aking pagpapahayag. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 4. Mas nagiging maingat ako sa pagpili ng salita dahil sa aktibidad. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Natututo akong iugnay ang salita sa tamang konteksto. | 3.67 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| Kabuuang Weighted Mean: | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang kabuuang weighted mean na 3.73 ay may verbal na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na nangangahulugang epektibong natutulungan ng *Hanap Salita* ang mga mag-aaral na magamit nang wasto ang mga salita sa iba’t ibang konteksto.

Pinakamataas ang marka sa pahayag na “Natutulungan ako ng Hanap Salita na magamit ang salita nang tama sa pangungusap” (WM = 3.90), na nagpapakita na nagkakaroon ng pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng angkop na salita sa bawat sitwasyon.

Ang pinakamababang marka naman ay sa “Nagagamit ko ang bagong salita sa iba’t ibang sitwasyon o paksa. (WM = 3.57), na nagpapahiwatig na bagama’t epektibo ang aktibidad, may ilang mag-aaral pa ring nangangailangan ng karagdagang pagsasanay sa mas malalim na paggamit ng mga salita batay sa konteksto.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang *Hanap Salita* ay isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng wastong paggamit ng wika. Ayon kay Reyes (2020), ang mga gawaing pangwika na nakabatay sa aktwal na paggamit ng mga salita ay nakapagpapaunlad ng *contextual understanding* ng mga mag-aaral at nakatutulong upang maging mas malinaw at epektibo ang kanilang pakikipagkomunikasyon.

Talahanayan 3
Antas ng Kasiglahan sa Paggamit ng Wikang Filipino

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Mas masigla ako sa klase gamit ang Filipino. | 3.37 | Sumasang-ayon | 5 |
| 2. Mas masaya ako sa pag-aaral ng Filipino. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Gusto kong gamitin ang Filipino araw-araw. | 3.70 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Mas kumpiyansa ako sa pagsasalita ng Filipino. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Mas interesado ako sa Filipino dahil sa *Hanap Salita.* | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.66 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 3 na ang kabuuang weighted mean na 3.66 ay may verbal na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay lubos na naniniwala na ang gawaing *Hanap Salita* ay nakapagpapataas ng kanilang kasiglahan at interes sa paggamit ng wikang Filipino.

Pinakamataas ang marka sa pahayag na “Mas interesado ako sa Filipino dahil sa Hanap Salita” (WM = 3.87), na nagpapakita ng mataas na antas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Samantala, ang pinakamababang marka ay sa “Mas masigla ako sa klase gamit ang Filipino” (WM = 3.37), na nagpapahiwatig na bagama’t epektibo ang aktibidad, may ilang mag-aaral pa ring nangangailangan ng karagdagang paglinang ng kumpiyansa sa paggamit ng Filipino sa harap ng klase.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang *Hanap Salita* ay nakatutulong hindi lamang sa paglinang ng bokabularyo kundi pati na rin sa pagpapasigla ng paggamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw na komunikasyon at gawain sa paaralan.

Ayon sa Magno et al. (2024), ang paggamit ng mga interactive at game-based language activities ay epektibo sa pagpapataas ng motibasyon, kasiglahan, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Ipinapakita rin ng mga ito na kapag ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa mga makabuluhan at masayang aktibidad, mas tumataas ang kanilang interes at aktibong paggamit ng wikang Filipino sa iba’t ibang konteksto.

Talahanayan 4
Pag-unawa sa Kahulugan ng Salita Bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naiintindihan ko agad ang bagong salita kapag itinuro. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Nakakagawa ako ng sariling paliwanag ng salita. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 3. Natatandaan ko ang kahulugan ng bagong | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| salita. | | | |
| 4. Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan. | 3.40 | Sumasang-ayon | 5 |
| 5. Naihahambing ko ang bagong salita sa ibang salita. | 3.45 | Sumasang-ayon | 3 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 4 na ang kabuuang weighted mean na 3.58 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na bago ipatupad ang *Hanap Salita*, karamihan sa mga mag-aaral ay may sapat na antas ng pag-unawa sa kahulugan ng mga bagong salita.

Pinakamataas ang marka sa pahayag na "Nakakagawa ako ng sariling paliwanag ng salita" (WM = 3.77), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na ilarawan at ipaliwanag ang kahulugan ng salita sa sariling paraan. Samantala, ang pinakamababang marka ay sa "Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan" (WM = 3.40), na nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral pa lamang ang nakakaugnay ng bagong salita sa personal nilang karanasan.

Ayon kay Salayo & Amarles (2020), ang paggamit ng mga *interactive vocabulary activities* ay nakatutulong sa mas mabilis na pagkatuto ng kahulugan ng salita at nag-uugnay sa mga ito sa konteksto ng karanasan ng mag-aaral.

Talahanayan 5
Paggamit ng Salita sa Pangungusap Bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakagawa ako ng tamang pangungusap gamit ang bagong salita. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Nagagamit ko ang bagong salita sa iba't ibang pangungusap. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan. | 3.40 | Sumasang-ayon | 5 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. Mas malinaw ang aking ideya kapag gumagamit ng bagong salita. | 3.47 | Sumasang-ayon | 3 |
| 5. Natututo akong maging malikhain sa pagsulat gamit ang bagong salita. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.52 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 5 na ang kabuuang weighted mean na 3.52 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nangangahulugang bago ipatupad ang *Hanap Salita*, may sapat na antas ng kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bagong salita sa pangungusap.

Pinakamataas ang marka sa "Natututo akong maging malikhain sa pagsulat gamit ang bagong salita" (WM = 3.60) at "Nakakagawa ako ng tamang pangungusap gamit ang bagong salita" (WM = 3.60), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na hindi lamang gamitin ang salita sa wastong paraan kundi maging malikhain sa kanilang pagpapahayag.

Samantala, pinakamababang marka ay sa "Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan" (WM = 3.40), na nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang gabay upang mas mailapat ang salita sa kanilang personal na konteksto.

Ayon kay Magno et al. (2021), ang aktibidad na nag-uugnay sa salita sa iba't ibang pangungusap ay nakatutulong sa mas malinaw na pagpapahayag at pagpapalawak ng bokabularyo. Samantala, Del Rosario (2022) ay nagsasaad na ang mga *game-based writing exercises* ay nakapagpapalakas ng malikhaing paggamit ng salita at nakapagdudulot ng mas mataas na kasiglahan sa paggamit ng wika sa pangungusap.

Talahanayan 6
Antas ng Lawak ng Salitang Alam o Nakikilala Bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Marami akong bagong salita na natutunan. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 2. Natatandaan ko ang mga salitang tinalakay sa klase. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Lumalawak ang aking bokabularyo habang natututo. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Natututo akong tukuyin ang pagkakaiba ng magkahawig na salita. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Dumadami ang aking kaalaman sa bokabularyo sa bawat aralin. | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.72 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 3 na ang kabuuang weighted mean na 3.72 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na bago ipatupad ang *Hanap Salita*, karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa pagkilala at paggamit ng mga bagong salita.

Pinakamataas ang marka sa "Natututo akong tukuyin ang pagkakaiba ng magkahawig na salita" (WM = 3.90), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na makilala at maunawaan ang pagkakaiba-iba ng mga salita. Ang pangalawa naman ay "Dumadami ang aking kaalaman sa bokabularyo sa bawat aralin" (WM = 3.80), na nagpapakita ng tuloy-tuloy na pag-unlad sa lawak ng bokabularyo.

Ayon kay Handig, San Gabriel, Garcia & Domingo (2023), ang paggamit ng game-based learning activities sa Filipino ay epektibong nakapagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral, nakapagpapataas ng kanilang kaalaman sa wika, at nakatutulong sa mas malinaw at aktibong paggamit ng bagong salita sa iba't ibang konteksto.

Talahanayan 7
Antas ng Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakatulong ang Hanap Salita para mas madaling magbasa. | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Naitatama ko ang pagbabaybay dahil sa bagong salita. | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Natututo akong gumamit ng tamang salita sa aking sulatin. | 3.97 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 4. Mas malinaw at maayos ang aking pagsulat dahil sa Hanap Salita. | 3.33 | Sumasang-ayon | 5 |
| 5. Mas tumataas ang aking interes sa pagbasa at pagsulat. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.76 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 7 na ang kabuuang weighted mean na 3.76 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay naniniwala na ang paggamit ng *Hanap Salita* ay nakatutulong sa kanilang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

Pinakamataas ang marka sa "Natututo akong gumamit ng tamang salita sa aking sulatin" (WM = 3.97), na nagpapakita na epektibo ang Hanap Salita sa pagpapahusay ng wastong paggamit ng salita sa sulatin. Ang pangalawa naman ay "Nakakatulong ang Hanap Salita para mas madaling magbasa" (WM = 3.93), na nagpapakita na nakatutulong din ang aktibidad sa pagpapabilis at pagpapadali ng proseso ng pagbabasa.

Samantala, ang pinakamababang marka ay sa "Mas malinaw at maayos ang aking pagsulat dahil sa Hanap Salita" (WM = 3.33), na maaaring nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral pa na nangangailangan ng mas maraming pagsasanay upang higit na mapabuti ang kanilang sulatin.

Ayon kay Caupayan & Revelo (2024), ang paggamit ng *Words of the Day* at iba pang vocabulary strategies sa Filipino ay nakapagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral, dahil natututo silang mailapat ang bagong salita sa konteksto ng kanilang sariling sulatin at aktibong paggamit sa komunikasyon.

Talahanayan 8
Antas ng Pagpapabuti ng Kakayahan sa Komunikasyon

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Mas malinaw ang aking pakikipag-usap gamit ang bagong salita. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. Mas maayos akong nakakapagpahayag ng ideya sa Filipino. | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 3. Natututo akong gumamit ng tamang salita sa pakikipag-usap. | 3.67 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 4. Mas tumataas ang aking kumpiyansa sa pagsasalita sa klase. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Mas epektibo ang aking komunikasyon dahil sa Hanap Salita. | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.71 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 8 na ang kabuuang weighted mean na 3.71 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na ang *Hanap Salita* ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon gamit ang wikang Filipino.

Pinakamataas ang marka sa "Mas tumataas ang aking kumpiyansa sa pagsasalita sa klase" (WM = 3.90), na nagpapakita na ang aktibidad ay epektibo sa pagpapalakas ng self-confidence ng mga mag-aaral sa pakikipag-usap sa harap ng klase. Ang pangalawa naman ay "Natututo akong gumamit ng tamang salita sa pakikipag-usap" (WM = 3.67), na nagpapakita ng pag-unlad sa wastong aplikasyon ng bagong salita sa komunikasyon.

Ayon kay Mariano et al. (2022), ang mga game-based at interactive vocabulary activities ay nakapagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng ideya at sa epektibong komunikasyon sa Filipino. Ang ganitong mga estratehiya ay nakapagpapalakas ng kumpiyansa at nagpapadali sa aktibong paggamit ng bagong salita sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Talahanayan 9
Mga Hamon sa Paggamit ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong intindihin ang salita. | 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | 5 |
| 2. Naaabala ako kapag mahirap ang salita. | 2.30 | Hindi Sumasang-ayon | 7 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Naii-stress ako kapag mali ang sagot. | 2.20 | Hindi Sumasang-ayon | 8.5 |
| 4. Nakalilito ang ilang kahulugan. | 2.90 | Sumasang-ayon | 2 |
| 5. Hindi pantay ang bilis ng mag-aaral. | 2.33 | Hindi Sumasang-ayon | 6 |
| 6. Nahihirapan akong gamitin ang salita. | 2.10 | Hindi Sumasang-ayon | 10 |
| 7. Naiinis ako kapag hindi masagot ang salita. | 2.20 | Hindi Sumasang-ayon | 8.5 |
| 8. Nakakapagod ang Hanap Salita. | 2.97 | Sumasang-ayon | 1 |
| 9. Minsan hindi malinaw ang instruksyon. | 2.73 | Sumasang-ayon | 3 |
| 10. Naii-stress ako kapag hindi natutukoy ang sagot. | 2.67 | Sumasang-ayon | 4 |
| Kabuuang Weighted Mean | 2.49 | Hindi Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 9 na ang kabuuang weighted mean na 2.49 ay may verbal na interpretasyong "Hindi Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi lubos nakararanas ng matinding hamon sa paggamit ng *Hanap Salita*.

Pinakamataas na hamon ay sa pahayag na "Nakakapagod ang Hanap Salita" (WM = 2.97), na nagpapakita na ang ilang mag-aaral ay nakararamdam ng pagod o pisikal na strain habang gumagawa ng aktibidad. Samantala, pinakamababang hamon ay sa "Nahihirapan akong gamitin ang salita" (WM = 2.10), na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakaaplay ng bagong salita nang maayos.

Ayon kay Mariano et al. (2022), bagama't ang mga *interactive vocabulary activities* tulad ng Hanap Salita ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo, maaaring makaranas ang ilang mag-aaral ng pagod o stress kapag mahirap ang salita o hindi malinaw ang instruksyon. Gayunpaman, pinapakita ng pag-aaral na ang tamang gabay at malinaw na instruksyon ay nakatutulong upang mabawasan ang ganitong hamon at mapanatili ang interes ng mag-aaral sa aktibidad.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Lagom ng mga Natuklasan

Batay sa mga naunang talahanayan, lumitaw na ang gawaing *“Hanap Salita”* ay lubos na nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, partikular sa pagpapalawak ng bokabularyo, wastong paggamit ng salita, kasiglahan sa wika, at pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at komunikasyon.

Sa aspeto ng Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita, nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 3.62 na may verbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*. Ipinahihiwatig nito na epektibong natutulungan ng *Hanap Salita* ang mga mag-aaral na makilala at matandaan ang mga bagong salita. Pinakamataas ang marka sa pahayag na *“Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa Hanap Salita”* (WM = 3.93), na nagpapakita ng mataas na antas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa aspeto ng Wastong Paggamit ng Salita sa Iba’t Ibang Konteksto, nakakuha ng kabuuang weighted mean na 3.73 (Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay natututo hindi lamang sa pagkilala kundi pati sa tamang paggamit ng salita sa pangungusap at sa iba’t ibang sitwasyon.

Sa aspeto ng Kasiglahan sa Paggamit ng Wikang Filipino, nakapagtala ng 3.66 (Lubos na Sumasang-ayon). Ipinahihiwatig nito na nakapagpapataas ang *Hanap Salita* ng interes, motibasyon, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa loob ng klase.

Samantala, sa mga aspeto ng Pag-unawa sa Kahulugan ng Salita at Paggamit ng Salita sa Pangungusap bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita, nakuha ang mga kabuuang weighted mean na 3.58 at 3.52 na kapwa may verbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, na nangangahulugang kahit bago pa ipatupad ang gawain, may sapat nang kaalaman ang mga mag-aaral ngunit higit pa itong napalawak matapos gamitin ang *Hanap Salita*.

Sa aspeto ng Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat, nakapagtala ng 3.76 (Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapakita na nakatutulong ang aktibidad sa pagpapahusay ng paggamit ng tamang salita, pagbabaybay, at malikhaing pagsulat.

Samantala, sa Pagpapabuti ng Kakayahan sa Komunikasyon, nakakuha ng 3.71 (Lubos na Sumasang-ayon), na nangangahulugang ang *Hanap Salita* ay epektibong nakapagpapataas ng kumpiyansa, kasanayan, at epektibong pakikipag-usap ng mga mag-aaral gamit ang Filipino.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang *Hanap Salita* ay isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, sapagkat hindi lamang nito pinayayaman ang bokabularyo ng mga mag-aaral, kundi pinatitibay din nito ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, pagbasa, at pagsulat. Umaayon ito sa pag-aaral nina Del Rosario (2020) at Magno et al. (2024) na ang *interactive* at *game-based language activities* ay nakapagpapataas ng motibasyon at nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa wika.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang patuloy na paggamit ng *Hanap Salita* bilang bahagi ng mga aralin sa Filipino ay nakatutulong sa holistikong pag-unlad ng wika ng mga mag-

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

aaral mula sa pagkatuto ng salita hanggang sa epektibong paggamit nito sa pagpapahayag at pagsulat.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, bagaman nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ang mga mag-aaral, may ilang aspeto pa rin tulad ng koherensya, organisasyon ng estruktura, at mas malalim na pagpapaliwanag ng ideya na kinakailangang pagtuunan ng pansin. Upang higit na mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat, iminungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod na mga interbensyon na naglalayong paigtingin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng gabay, praktikal, at kontekstuwalisadong mga gawain.

Mga Mungkahing Gawain

| Gawain sa Interbensyon | Paglalarawan | Paraan ng Pagpapatupad | Inaasahang Kinalabasan |
|---|---|---|---|
| 1. Writing Workshop Series: “Hakbang sa Mabisang Sanaysay” | Isang serye ng pagsasanay sa pagsulat na nakatuon sa tamang pagbuo ng panimula, katawan, at kongklusyon ng sanaysay. | - Isasagawa kada buwan sa tulong ng guro sa Filipino.<br>- May aktwal na pagsulat, pagsusuri ng halimbawa, at peer evaluation. | - Mas malinaw na pagkakaunawa sa estruktura ng sanaysay.<br>- Nadagdagan ang kasanayan sa lohikal na pagsasaayos ng ideya. |
| 2. Vocabulary Enrichment Sessions | Pagpapalawak ng talasalitaan sa pamamagitan ng larong pangwika, pangkatang aktibidad, at paggamit ng mga kontekstuwalisadong salita. | - Isasagawa lingguhan bilang bahagi ng remedial o enrichment class.<br>- Gagamit ng mga salitang mula sa lokal na kultura o lugar ng mga mag-aaral. | - Nadagdagan ang lawak ng bokabularyo.<br>- Mas mahusay na paggamit ng wasto at tiyak na mga salita sa pagsulat. |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Peer Editing and Feedback Circles | Pagpapairal ng peer review kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang gawa ng kanilang kamag-aral upang mapuna ang organisasyon at kalinawan. | - Isasagawa tuwing matapos ang bawat sanaysay na proyekto.<br>- Bibigyan ng rubrics at gabay sa pagbibigay ng puna. | - Mas mapanuri at kritikal na pananaw sa pagsulat.<br>- Mas mahusay na pagwawasto at pagpapabuti ng sariling akda. |
| 4. Contextualized Writing Tasks | Paggamit ng mga lokal na isyu, karanasan, o kultura bilang paksa ng mga sanaysay upang maging mas makabuluhan ang pagsulat. | - Gagamit ng mga paksa na may kaugnayan sa komunidad, kultura, o pang-araw-araw na buhay ng mag-aaral.<br>- Gagabayan ng guro ang brainstorming at pagbuo ng balangkas. | - Mas mataas na antas ng interes at koneksyon sa paksa.<br>- Mas makahulugang nilalaman ng sanaysay. |
| 5. Portfolio-Based Assessment | Pagtitipon ng mga sanaysay ng mag-aaral upang makita ang pag-unlad sa bawat yugto ng pag-aaral. | - Bawat mag-aaral ay magkakaroon ng writing portfolio.<br>- Susuriin ng guro kada quarter. | - Nasusubaybayan ang progreso ng bawat mag-aaral.<br>- Nakikita ang pagbuti ng kasanayan sa paglipas ng panahon. |

Nilalayon ng mga interbensyong ito na paigtingin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng sistematikong pagsasanay, pagbibigay ng makabuluhang karanasan sa pagsusulat, at paggamit ng mga kontekstuwalisadong paksa. Inaasahang sa pamamagitan ng mga gawaing ito, mapapaunlad hindi lamang ang kanilang teknikal na kakayahan sa gramatika at estruktura, kundi pati ang kakayahang magpahayag ng malalim na kaisipan at kritikal na pananaw.

Saklaw ng kabanatang ito ang presentasyon, interpretasyon, at pagsusuri ng mga datos na nakalap mula sa ipinamahaging talatanungan. Inilahad ang mga resulta sa anyong talahanayan upang malinaw na maipakita ang tugon ng mga kalahok batay sa mga suliraning sinuri sa pag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

1.1 Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita

Layunin ng bahaging ito na ipakita kung paanong ang gawaing "Hanap Salita" ay nakatutulong sa pagkilala at pagkatuto ng mga bagong salita ng mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang. Ang aspetong ito ay nakatuon sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto, maunawaan, at matandaan ang mga bagong salitang kanilang natatagpuan sa pamamagitan ng naturang gawain.

Talahanayan 1
Antas ng Kasanayan sa Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita sa Pamamagitan ng "Hanap Salita"

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakatulong sa akin ang *Hanap Salita* para matuto ng bagong salita. | 3.40 | Sumasang-ayon | 3 |
| 2. Madali kong natatandaan ang mga salita gamit ang *Hanap Salita.* | 3.37 | Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Ang aktibidad ay nakakadagdag sa dami ng salitang alam ko. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 4. Natutukoy ko ang tamang kahulugan ng bagong salita. | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa *Hanap Salita.* | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.62 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 1 na ang kabuuang weighted mean na 3.62 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay naniniwala na ang gawaing Hanap Salita ay epektibong nakatutulong sa kanila sa pagkilala at pagkatuto ng mga bagong salita.

Pinakamataas ang weighted mean sa pahayag na "Natutukoy ko ang tamang kahulugan ng bagong salita" (WM = 3.80) at "Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa Hanap

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Salita" (WM = 3.93) na nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa wika.

Ang bahagyang mas mababang marka sa unang dalawang pahayag ay nagpapakita na bagaman epektibo ang aktibidad, may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng higit na pagsasanay upang mapalalim ang pagkatuto ng bagong bokabularyo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang Hanap Salita ay lubos na nakatutulong hindi lamang sa pagpapalawak ng bokabularyo kundi sa pagpapaigting ng interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

Ayon kay Del Rosario (2020), ang paggamit ng mga *interactive language activities* tulad ng *word search* ay epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wika sapagkat pinagsasama nito ang kasiyahan at pagkatuto. Binanggit sa kanyang pag-aaral na ang mga ganitong gawain ay nakapagpapalakas ng *word association skills* at nakatutulong sa mas mabilis na pag-unawa sa kahulugan ng mga salita. Dagdag pa niya, ang pagkakaroon ng elementong palaro ay nakapagpapataas ng motibasyon at interes ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng partisipasyon at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan sa Wastong Paggamit ng Salita sa Iba't Ibang Konteksto

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Natutulungan ako ng *Hanap Salita* na magamit ang salita nang tama sa pangungusap. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 2. Nagagamit ko ang bagong salita sa iba't ibang sitwasyon o paksa. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| 3. Nakakatulong ang *Hanap Salita* para mas malinaw ang aking pagpapahayag. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 4. Mas nagiging maingat ako sa pagpili ng salita dahil sa aktibidad. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 5. Natututo akong iugnay ang salita sa tamang konteksto. | 3.67 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| Kabuuang Weighted Mean: | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Makikita sa Talahanayan 2 na ang kabuuang weighted mean na 3.73 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nangangahulugang epektibong natutulungan ng *Hanap Salita* ang mga mag-aaral na magamit nang wasto ang mga salita sa iba't ibang konteksto.

Pinakamataas ang marka sa pahayag na "Natutulungan ako ng Hanap Salita na magamit ang salita nang tama sa pangungusap" (WM = 3.90), na nagpapakita na nagkakaroon ng pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na gumamit ng angkop na salita sa bawat sitwasyon.

Ang pinakamababang marka naman ay sa "Nagagamit ko ang bagong salita sa iba't ibang sitwasyon o paksa. (WM = 3.57), na nagpapahiwatig na bagama't epektibo ang aktibidad, may ilang mag-aaral pa ring nangangailangan ng karagdagang pagsasanay sa mas malalim na paggamit ng mga salita batay sa konteksto.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang *Hanap Salita* ay isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng wastong paggamit ng wika. Ayon kay Reyes (2020), ang mga gawaing pangwika na nakabatay sa aktwal na paggamit ng mga salita ay nakapagpapaunlad ng *contextual understanding* ng mga mag-aaral at nakatutulong upang maging mas malinaw at epektibo ang kanilang pakikipagkomunikasyon.

Talahanayan 3
Antas ng Kasiglahan sa Paggamit ng Wikang Filipino

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Mas masigla ako sa klase gamit ang Filipino. | 3.37 | Sumasang-ayon | 5 |
| 2. Mas masaya ako sa pag-aaral ng Filipino. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Gusto kong gamitin ang Filipino araw-araw. | 3.70 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Mas kumpiyansa ako sa pagsasalita ng Filipino. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 5. Mas interesado ako sa Filipino dahil sa *Hanap Salita.* | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.66 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 3 na ang kabuuang weighted mean na 3.66 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay lubos

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

na naniniwala na ang gawaing *Hanap Salita* ay nakapagpapataas ng kanilang kasiglahan at interes sa paggamit ng wikang Filipino.

Pinakamataas ang marka sa pahayag na "Mas interesado ako sa Filipino dahil sa Hanap Salita" (WM = 3.87), na nagpapakita ng mataas na antas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Samantala, ang pinakamababang marka ay sa "Mas masigla ako sa klase gamit ang Filipino" (WM = 3.37), na nagpapahiwatig na bagama't epektibo ang aktibidad, may ilang mag-aaral pa ring nangangailangan ng karagdagang paglinang ng kumpiyansa sa paggamit ng Filipino sa harap ng klase.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang *Hanap Salita* ay nakatutulong hindi lamang sa paglinang ng bokabularyo kundi pati na rin sa pagpapasigla ng paggamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw na komunikasyon at gawain sa paaralan.

Ayon sa Magno et al. (2024), ang paggamit ng mga interactive at game-based language activities ay epektibo sa pagpapataas ng motibasyon, kasiglahan, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Ipinapakita rin ng mga ito na kapag ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa mga makabuluhan at masayang aktibidad, mas tumataas ang kanilang interes at aktibong paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang konteksto.

Talahanayan 4
Pag-unawa sa Kahulugan ng Salita Bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naiintindihan ko agad ang bagong salita kapag itinuro. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Nakakagawa ako ng sariling paliwanag ng salita. | 3.77 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 3. Natatandaan ko ang kahulugan ng bagong salita. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 4. Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan. | 3.40 | Sumasang-ayon | 5 |
| 5. Naihahambing ko ang bagong salita sa ibang salita. | 3.45 | Sumasang-ayon | 3 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Makikita sa Talahanayan 4 na ang kabuuang weighted mean na 3.58 ay may verbal na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na nagpapahiwatig na bago ipatupad ang *Hanap Salita*, karamihan sa mga mag-aaral ay may sapat na antas ng pag-unawa sa kahulugan ng mga bagong salita.

Pinakamataas ang marka sa pahayag na “Nakakagawa ako ng sariling paliwanag ng salita” (WM = 3.77), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na ilarawan at ipaliwanag ang kahulugan ng salita sa sariling paraan. Samantala, ang pinakamababang marka ay sa “Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan” (WM = 3.40), na nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral pa lamang ang nakakaugnay ng bagong salita sa personal nilang karanasan.

Ayon kay Salayo & Amarles (2020), ang paggamit ng mga *interactive vocabulary activities* ay nakatutulong sa mas mabilis na pagkatuto ng kahulugan ng salita at nag-uugnay sa mga ito sa konteksto ng karanasan ng mag-aaral.

Talahanayan 5
Paggamit ng Salita sa Pangungusap Bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakagawa ako ng tamang pangungusap gamit ang bagong salita. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Nagagamit ko ang bagong salita sa iba't ibang pangungusap. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 3. Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan. | 3.40 | Sumasang-ayon | 5 |
| 4. Mas malinaw ang aking ideya kapag gumagamit ng bagong salita. | 3.47 | Sumasang-ayon | 3 |
| 5. Natututo akong maging malikhain sa pagsulat gamit ang bagong salita. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.52 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 5 na ang kabuuang weighted mean na 3.52 ay may verbal na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na nangangahulugang bago ipatupad ang *Hanap*

*Salita*, may sapat na antas ng kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng bagong salita sa pangungusap.

Pinakamataas ang marka sa “Natututo akong maging malikhain sa pagsulat gamit ang bagong salita” (WM = 3.60) at “Nakakagawa ako ng tamang pangungusap gamit ang bagong salita” (WM = 3.60), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na hindi lamang gamitin ang salita sa wastong paraan kundi maging malikhain sa kanilang pagpapahayag.

Samantala, pinakamababang marka ay sa “Naiuugnay ko ang salita sa aking karanasan” (WM = 3.40), na nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang gabay upang mas mailapat ang salita sa kanilang personal na konteksto.

Ayon kay Magno et al. (2021), ang aktibidad na nag-uugnay sa salita sa iba't ibang pangungusap ay nakatutulong sa mas malinaw na pagpapahayag at pagpapalawak ng bokabularyo. Samantala, Del Rosario (2022) ay nagsasaad na ang mga *game-based writing exercises* ay nakapagpapalakas ng malikhaing paggamit ng salita at nakapagdudulot ng mas mataas na kasiglahan sa paggamit ng wika sa pangungusap.

Talahanayan 6
Antas ng Lawak ng Salitang Alam o Nakikilala Bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Marami akong bagong salita na natutunan. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 2. Natatandaan ko ang mga salitang tinalakay sa klase. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| 3. Lumalawak ang aking bokabularyo habang natututo. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 4. Natututo akong tukuyin ang pagkakaiba ng magkahawig na salita. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Dumadami ang aking kaalaman sa bokabularyo sa bawat aralin. | 3.80 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.72 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Makikita sa Talahanayan 3 na ang kabuuang weighted mean na 3.72 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na bago ipatupad ang *Hanap Salita*, karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa pagkilala at paggamit ng mga bagong salita.

Pinakamataas ang marka sa "Natututo akong tukuyin ang pagkakaiba ng magkahawig na salita" (WM = 3.90), na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na makilala at maunawaan ang pagkakaiba-iba ng mga salita. Ang pangalawa naman ay "Dumadami ang aking kaalaman sa bokabularyo sa bawat aralin" (WM = 3.80), na nagpapakita ng tuloy-tuloy na pag-unlad sa lawak ng bokabularyo.

Ayon kay Handig, San Gabriel, Garcia & Domingo (2023), ang paggamit ng game-based learning activities sa Filipino ay epektibong nakapagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral, nakapagpapataas ng kanilang kaalaman sa wika, at nakatutulong sa mas malinaw at aktibong paggamit ng bagong salita sa iba't ibang konteksto.

Talahanayan 7
Antas ng Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakatulong ang Hanap Salita para mas madaling magbasa. | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 2. Naitatama ko ang pagbabaybay dahil sa bagong salita. | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 3. Natututo akong gumamit ng tamang salita sa aking sulatin. | 3.97 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 4. Mas malinaw at maayos ang aking pagsulat dahil sa Hanap Salita. | 3.33 | Sumasang-ayon | 5 |
| 5. Mas tumataas ang aking interes sa pagbasa at pagsulat. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.76 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Makikita sa Talahanayan 7 na ang kabuuang weighted mean na 3.76 ay may verbal na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay naniniwala na ang paggamit ng *Hanap Salita* ay nakatutulong sa kanilang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat.

Pinakamataas ang marka sa “Natututo akong gumamit ng tamang salita sa aking sulatin” (WM = 3.97), na nagpapakita na epektibo ang Hanap Salita sa pagpapahusay ng wastong paggamit ng salita sa sulatin. Ang pangalawa naman ay “Nakakatulong ang Hanap Salita para mas madaling magbasa” (WM = 3.93), na nagpapakita na nakatutulong din ang aktibidad sa pagpapabilis at pagpapadali ng proseso ng pagbabasa.

Samantala, ang pinakamababang marka ay sa “Mas malinaw at maayos ang aking pagsulat dahil sa Hanap Salita” (WM = 3.33), na maaaring nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral pa na nangangailangan ng mas maraming pagsasanay upang higit na mapabuti ang kanilang sulatin.

Ayon kay Caupayan & Revelo (2024), ang paggamit ng *Words of the Day* at iba pang vocabulary strategies sa Filipino ay nakapagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral, dahil natututo silang mailapat ang bagong salita sa konteksto ng kanilang sariling sulatin at aktibong paggamit sa komunikasyon.

Talahanayan 8
Antas ng Pagpapabuti ng Kakayahan sa Komunikasyon

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Mas malinaw ang aking pakikipag-usap gamit ang bagong salita. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| 2. Mas maayos akong nakakapagpahayag ng ideya sa Filipino. | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| 3. Natututo akong gumamit ng tamang salita sa pakikipag-usap. | 3.67 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| 4. Mas tumataas ang aking kumpiyansa sa pagsasalita sa klase. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| 5. Mas epektibo ang aking komunikasyon dahil sa Hanap Salita. | 3.87 | Lubos na Sumasang-ayon | 5 |
| Kabuuang Weighted Mean | 3.71 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Makikita sa Talahanayan 8 na ang kabuuang weighted mean na 3.71 ay may verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na ang *Hanap Salita* ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon gamit ang wikang Filipino.

Pinakamataas ang marka sa "Mas tumataas ang aking kumpiyansa sa pagsasalita sa klase" (WM = 3.90), na nagpapakita na ang aktibidad ay epektibo sa pagpapalakas ng self-confidence ng mga mag-aaral sa pakikipag-usap sa harap ng klase. Ang pangalawa naman ay "Natututo akong gumamit ng tamang salita sa pakikipag-usap" (WM = 3.67), na nagpapakita ng pag-unlad sa wastong aplikasyon ng bagong salita sa komunikasyon.

Ayon kay Mariano et al. (2022), ang mga game-based at interactive vocabulary activities ay nakapagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng ideya at sa epektibong komunikasyon sa Filipino. Ang ganitong mga estratehiya ay nakapagpapalakas ng kumpiyansa at nagpapadali sa aktibong paggamit ng bagong salita sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Talahanayan 9
Mga Hamon sa Paggamit ng Hanap Salita

| Mga Pahayag | WM | VI | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong intindihin ang salita. | 2.50 | Hindi Sumasang-ayon | 5 |
| 2. Naaabala ako kapag mahirap ang salita. | 2.30 | Hindi Sumasang-ayon | 7 |
| 3. Naii-stress ako kapag mali ang sagot. | 2.20 | Hindi Sumasang-ayon | 8.5 |
| 4. Nakalilito ang ilang kahulugan. | 2.90 | Sumasang-ayon | 2 |
| 5. Hindi pantay ang bilis ng mag-aaral. | 2.33 | Hindi Sumasang-ayon | 6 |
| 6. Nahihirapan akong gamitin ang salita. | 2.10 | Hindi Sumasang-ayon | 10 |
| 7. Naiinis ako kapag hindi masagot ang salita. | 2.20 | Hindi Sumasang-ayon | 8.5 |
| 8. Nakakapagod ang Hanap Salita. | 2.97 | Sumasang-ayon | 1 |
| 9. Minsan hindi malinaw ang instruksyon. | 2.73 | Sumasang-ayon | 3 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. Naii-stress ako kapag hindi natutukoy ang sagot. | 2.67 | Sumasang-ayon | 4 |
| Kabuuang Weighted Mean | 2.49 | Hindi Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 9 na ang kabuuang weighted mean na 2.49 ay may verbal na interpretasyong "Hindi Sumasang-ayon", na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi lubos nakararanas ng matinding hamon sa paggamit ng *Hanap Salita*.

Pinakamataas na hamon ay sa pahayag na "Nakakapagod ang Hanap Salita" (WM = 2.97), na nagpapakita na ang ilang mag-aaral ay nakararamdam ng pagod o pisikal na strain habang gumagawa ng aktibidad. Samantala, pinakamababang hamon ay sa "Nahihirapan akong gamitin ang salita" (WM = 2.10), na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakaaplay ng bagong salita nang maayos.

Ayon kay Mariano et al. (2022), bagama't ang mga *interactive vocabulary activities* tulad ng Hanap Salita ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo, maaaring makaranas ang ilang mag-aaral ng pagod o stress kapag mahirap ang salita o hindi malinaw ang instruksyon. Gayunpaman, pinapakita ng pag-aaral na ang tamang gabay at malinaw na instruksyon ay nakatutulong upang mabawasan ang ganitong hamon at mapanatili ang interes ng mag-aaral sa aktibidad.

Lagom ng mga Natuklasan

Batay sa mga naunang talahanayan, lumitaw na ang gawaing *"Hanap Salita"* ay lubos na nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, partikular sa pagpapalawak ng bokabularyo, wastong paggamit ng salita, kasiglahan sa wika, at pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at komunikasyon.

Sa aspeto ng Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita, nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 3.62 na may verbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*. Ipinahihiwatig nito na epektibong natutulungan ng *Hanap Salita* ang mga mag-aaral na makilala at matandaan ang mga bagong salita. Pinakamataas ang marka sa pahayag na *"Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa Hanap Salita"* (WM = 3.93), na nagpapakita ng mataas na antas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa aspeto ng Wastong Paggamit ng Salita sa Iba't Ibang Konteksto, nakakuha ng kabuuang weighted mean na 3.73 (Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay natututo hindi lamang sa pagkilala kundi pati sa tamang paggamit ng salita sa pangungusap at sa iba't ibang sitwasyon.

Sa aspeto ng Kasiglahan sa Paggamit ng Wikang Filipino, nakapagtala ng 3.66 (Lubos na Sumasang-ayon). Ipinahihiwatig nito na nakapagpapataas ang *Hanap Salita* ng interes, motibasyon, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa loob ng klase.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Samantala, sa mga aspeto ng Pag-unawa sa Kahulugan ng Salita at Paggamit ng Salita sa Pangungusap bago ang Pagpapatupad ng Hanap Salita, nakuha ang mga kabuuang weighted mean na 3.58 at 3.52 na kapwa may verbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, na nangangahulugang kahit bago pa ipatupad ang gawain, may sapat nang kaalaman ang mga mag-aaral ngunit higit pa itong napalawak matapos gamitin ang *Hanap Salita*.

Sa aspeto ng Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat, nakapagtala ng 3.76 (Lubos na Sumasang-ayon), na nagpapakita na nakatutulong ang aktibidad sa pagpapahusay ng paggamit ng tamang salita, pagbabaybay, at malikhaing pagsulat.

Samantala, sa Pagpapabuti ng Kakayahan sa Komunikasyon, nakakuha ng 3.71 (Lubos na Sumasang-ayon), na nangangahulugang ang *Hanap Salita* ay epektibong nakapagpapataas ng kumpiyansa, kasanayan, at epektibong pakikipag-usap ng mga mag-aaral gamit ang Filipino.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang *Hanap Salita* ay isang makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, sapagkat hindi lamang nito pinayayaman ang bokabularyo ng mga mag-aaral, kundi pinatitibay din nito ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, pagbasa, at pagsulat. Umaayon ito sa pag-aaral nina Del Rosario (2020) at Magno et al. (2024) na ang *interactive* at *game-based language activities* ay nakapagpapataas ng motibasyon at nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa sa wika.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang patuloy na paggamit ng *Hanap Salita* bilang bahagi ng mga aralin sa Filipino ay nakatutulong sa holistikong pag-unlad ng wika ng mga mag-aaral mula sa pagkatuto ng salita hanggang sa epektibong paggamit nito sa pagpapahayag at pagsulat.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, bagaman nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ang mga mag-aaral, may ilang aspeto pa rin tulad ng koherensya, organisasyon ng estruktura, at mas malalim na pagpapaliwanag ng ideya na kinakailangang pagtuunan ng pansin. Upang higit na mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat, iminungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod na mga interbensyon na naglalayong paigtingin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng gabay, praktikal, at kontekstuwalisadong mga gawain.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

Mga Mungkahing Gawain

| Gawain sa Interbensyon | Paglalarawan | Paraan ng Pagpapatupad | Inaasahang Kinalabasan |
|---|---|---|---|
| 1. Writing Workshop Series: “Hakbang sa Mabisang Sanaysay” | Isang serye ng pagsasanay sa pagsulat na nakatuon sa tamang pagbuo ng panimula, katawan, at kongklusyon ng sanaysay. | - Isasagawa kada buwan sa tulong ng guro sa Filipino.<br>- May aktwal na pagsulat, pagsusuri ng halimbawa, at peer evaluation. | - Mas malinaw na pagkakaunawa sa estruktura ng sanaysay.<br>- Nadagdagan ang kasanayan sa lohikal na pagsasaayos ng ideya. |
| 2. Vocabulary Enrichment Sessions | Pagpapalawak ng talasalitaan sa pamamagitan ng larong pangwika, pangkatang aktibidad, at paggamit ng mga kontekstuwalisadong salita. | - Isasagawa lingguhan bilang bahagi ng remedial o enrichment class.<br>- Gagamit ng mga salitang mula sa lokal na kultura o lugar ng mga mag-aaral. | - Nadagdagan ang lawak ng bokabularyo.<br>- Mas mahusay na paggamit ng wasto at tiyak na mga salita sa pagsulat. |
| 3. Peer Editing and Feedback Circles | Pagpapairal ng peer review kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang gawa ng kanilang kamag-aral upang mapuna ang organisasyon at kalinawan. | - Isasagawa tuwing matapos ang bawat sanaysay na proyekto.<br>- Bibigyan ng rubrics at gabay sa pagbibigay ng puna. | - Mas mapanuri at kritikal na pananaw sa pagsulat.<br>- Mas mahusay na pagwawasto at pagpapabuti ng sariling akda. |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. Contextualized Writing Tasks | Paggamit ng mga lokal na isyu, karanasan, o kultura bilang paksa ng mga sanaysay upang maging mas makabuluhan ang pagsulat. | - Gagamit ng mga paksa na may kaugnayan sa komunidad, kultura, o pang-araw-araw na buhay ng mag-aaral.<br>- Gagabayan ng guro ang brainstorming at pagbuo ng balangkas. | - Mas mataas na antas ng interes at koneksyon sa paksa.<br>- Mas makahulugang nilalaman ng sanaysay. |
| 5. Portfolio-Based Assessment | Pagtitipon ng mga sanaysay ng mag-aaral upang makita ang pag-unlad sa bawat yugto ng pag-aaral. | - Bawat mag-aaral ay magkakaroon ng writing portfolio.<br>- Susuriin ng guro kada quarter. | - Nasusubaybayan ang progreso ng bawat mag-aaral.<br>- Nakikita ang pagbuti ng kasanayan sa paglipas ng panahon. |

Nilalayon ng mga interbensyong ito na paigtingin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng sistematikong pagsasanay, pagbibigay ng makabuluhang karanasan sa pagsusulat, at paggamit ng mga kontekstuwalisadong paksa. Inaasahang sa pamamagitan ng mga gawaing ito, mapapaunlad hindi lamang ang kanilang teknikal na kakayahan sa gramatika at estruktura, kundi pati ang kakayahang magpahayag ng malalim na kaisipan at kritikal na pananaw.

**Konklusyon at Rekomendasyon**

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga kongklusyon at rekomendasyon batay sa mga natuklasan ng pananaliksik. Tinutukoy nito ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa bokabularyo bago at matapos ang paggamit ng *Hanap Salita* bilang estratehiya, pati na rin ang mga kapakinabangan at hamong naranasan sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga datos mula sa isinagawang talatanungan, inilahad ng mananaliksik ang mga pangunahing obserbasyon, kasunod ang mga rekomendasyon upang higit pang mapaunlad ang kasanayan sa paggamit ng wika ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Batay sa mga nakalap na datos, natuklasan ang mga sumusunod:

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**1.1. Pagkilala at Pagkatuto ng Bagong Salita**

Ang pinakamataas na nakuha ay sa pahayag na *"Mas nagiging interesado ako sa bagong salita dahil sa Hanap Salita"* (WM = 3.93, **Ranggo 1**).

**1.2. Wastong Paggamit ng Salita sa Iba't Ibang Konteksto?**

Pinakamataas ang *"Natutulungan ako ng Hanap Salita na magamit ang salita nang tama sa pangungusap"* (WM = 3.90, **Ranggo 1**).

**1.3. Kasiglahan sa Paggamit ng Wikang Filipino**

Ang *"Mas interesado ako sa Filipino dahil sa Hanap Salita"* ang may pinakamataas na marka (WM = 3.87, **Ranggo 1**).

**2.1. Pag-unawa sa Kahulugan ng Salita**

Pinakamataas ang *"Nakakagawa ako ng sariling paliwanag ng salita"* (WM = 3.77, **Ranggo 1**).

**2.2. Paggamit ng Salita sa Pangungusap**

Parehong pinakamataas ang *"Natututo akong maging malikhain sa pagsulat gamit ang bagong salita"* at *"Nakakagawa ako ng tamang pangungusap gamit ang bagong salita"* (WM = 3.60, **Ranggo 1**).

**2.3. Lawak ng Salitang Alam bago ang Hanap Salita?**

Pinakamataas ang *"Natututo akong tukuyin ang pagkakaiba ng magkahawig na salita"* (WM = 3.90, **Ranggo 1**).

**3.1. Pag-unlad sa Kasanayan sa Pagbasa at Pagsulat**

Ang *"Natututo akong gumamit ng tamang salita sa aking sulatin"* ang may pinakamataas na marka (WM = 3.97, **Ranggo 1**).

**3.2. Pagpapabuti ng Kakayahan sa Komunikasyon**

Ang *"Mas tumataas ang aking kumpiyansa sa pagsasalita sa klase"* ang may pinakamataas na marka (WM = 3.90, **Ranggo 1**).

**4. Pangunahing hamon sa paggamit ng Hanap Salita**

Pinakamataas na hamon ang *"Nakakapagod ang Hanap Salita"* (WM = 2.97, **Ranggo 1**).

**5. Mungkahing gawain ang maaaring ipanukala upang higit pang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral**

Ang mga mungkahing gawain ay naglalayong paunlarin ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng **Writing Workshop Series, Vocabulary Enrichment Sessions, Peer Editing and Feedback Circles, Contextualized Writing Tasks,** at **Portfolio-Based Assessment.** Isinasagawa ang mga ito upang malinang ang lohikal na pagsasaayos ng ideya, mapalawak ang bokabularyo, at mapabuti ang kalidad ng pagsulat. Sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

kabuuan, inaasahang makatutulong ang mga gawaing ito sa paghubog ng mas mahusay at mapanuring manunulat sa wikang Filipino.

**Rekomendasyon**

1.Iminumungkahi na ang mga mungkahing gawain ay ipresenta sa mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon upang maisama sa mga programa at gawain ng mga paaralan bilang karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

2.Maaaring na ipagpatuloy at higit pang palawakin ang paggamit ng *Hanap Salita* bilang interbensyon sapagkat napatunayang epektibo ito sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapaigting ng kasiglahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

3.Iminumungkahi rin na isaalang-alang ang mga hamon na kinaharap ng mga mag-aaral, tulad ng pagod at kalituhan sa ilang instruksyon, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas malinaw na tagubilin at angkop na pacing sa bawat aktibidad.

4.Maaaring pagpayamanin ng pananaliksik sa hinaharap upang higit pang mapalalim ang pagsusuri sa bisa ng *Hanap Salita* sa iba't ibang asignatura at antas ng pag-aaral.